# 55 lying-in clinics may QC seal of excellence

Bandera · 6 Nov 2019 · 5

LIMAMPU'T limang lying-in clinics ang pinagkalooban ng Quezon City Government at ng Quezon City Health Department ng Seal of Excellence Award sa pagiging fully compliant sa mga standards ng Department of Health (DoH) at pati na rin sa mga requirements ng local government para sa mga health facilities na nagbibigay ng serbisyong maternal and child health.

Iginawad ang Seal of Excellence bilang implementasyon sa city ordinance na naglalayon para mapababa ang mga insidente ng maternal mortality o pagkamatay sa panganganak ng mga nanay at ng kanilang sanggol.

Pinangunahan ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang pamamahagi ng award.

Aniya ang award ay nagpo-promote ng "healthy competition, innovation, and culture of excellence". Kaya naman, dahil sa taunang parangal, maraming clinics ang mas inayos pa ang kanilang mga serbisyo at pinursiging maging kwalipikado, mula 23 porsyentong compliance nang ito ay mailunsad noong 2016, ngayong taon, 63 porsyento